

Ang pangangailangang pagpapaunlad ng mga guro sa senior high school ng/sa Filipino tungo sa makabuluhang pasanayan

Gime, Arjohn V. ✉

Manila Science High School, Ermita, Philippines (gime@pnu.edu.ph)
Philippine Normal University-Manila, Philippines



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 15 January 2023

Revised: 20 April 2023

Accepted: 5 May 2023

Available Online: 31 May 2023

DOI: 10.5861/ijrse.2023.2002

Abstract

One of the goals of contemporary Philippine education is to develop the teacher-learning process through training. In this descriptive-developmental study, the experiences and needs of Filipino teachers in Senior High Schools and supervisors in public schools were collected, analyzed, and used as a basis to understand the technological, technological-pedagogical, pedagogical, technological-content, content, and discourse in the K-12 program. It was found out that interventional and recalibrated training is needed in the continuous development and progress of the educational system through making programs with the use and integration of technology in teaching, appropriate and modern use of strategies, deepening of the content of teachers, and the correct discourse in teaching the discipline. Foresight thinking in training programs is needed to meet the actual needs of teachers in the educational landscape.

Keywords: training, training program, interventional, technological, pedagogical, content, discourse

Ang pangangailangang pagpapaunlad ng mga guro sa senior high school ng/sa Filipino tungo sa makabuluhang pasanayan

1. Introduksyon

Ang propesyonal na pag-unlad ng kaalaman at kasanayan ng mga guro ay pangunahing tuon ng Batas Republika 10533 ng Seksiyon 12, na kailangang magsagawa ng pagsasanay sa pakikipagtulungan ng mga kaugnay na ahensiya ng pamahalaan, akademya, industriya, at mga samahang di-pampamahalaan. Ang mga naturang programa sa propesyonal na pag-unlad ay pasisimulan, isasagawa, at tatayain nang regular sa buong taon upang matiyak ang patuloy na pagpapataas sa mga kasanayan ng guro. Kailangan din ng bawat guro ang patuloy na pagsasanay dahil ito ay esensyal sa pagganap ng pagkatuto sa iba't ibang porma nito alinsunod sa tunguhin ng institusyon (Reid & Barrington, 1999). Sinusuportahan din ng batas na ito ang mga panukala na isinasaad ng Kagawaran ng Edukasyon sa patuloy na pagpapaunlad ng bawat kawani sa pagtuturo batay sa prinsipyong pangmatagalang pagkatuto at pananaw na ang pagtuturo bilang propesyon ay nangangailangan ng ekspertong kaalaman at espesyalisadong mga kasanayan, natatamo at napapanatili sa mga tiyak at patuloy na pag-aaral (UNESCO, 1996 sa DepEd Order 35 s 2016).

Tulad sa programa ng Senior High School, tumutugon ang propesyonal na pagsasanay mula sa komunikasyon ng bawat dibisyon. Sinimulan ito ng memorandum na magsagawa ng isang pangkalahatang pagsasanay sa mga bagong guro na magtuturo sa Senior High School sa isang malawakang rebolusyong pangkaisipan sa mga pilosopiyang pagkatuto at pagtuturo ang mga guro para sa mga propesyonal na pagsasanay (RM Blg. 64 s 2016; RM 02 s 2018; RM 46 s 2018). Ipinakilala sa mga pagsasanay na ito ang pangkalahatang programa ng K-12 ay nagkaroon ng paghahanda sa pagtuturo, nilalaman ng kurikulum, at paraan ng pagtuturo. Gayundin, ang implementasyon ng *Philippine Professional Standards for Teachers* bilang na tuntungan sa patuloy na pagpapaunlad at pagpapayabong ng guro tungo sa isang pangmatagalang pagkatuto o *lifelong learning* (DO 42 s. 2017 at DO 50 s. 2020). Tungkulin nitong ipakita ang kahalagahan ng mahusay na guro sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng de-kalidad na pagtuturo. Kung kaya ang pagpapaunlad sa isang de-kalidad na guro ay isa sa pinakatugatog sa pangmatagalan at matatag na pagbuo ng isang bansa.

Tulad sa Pilipinas, minimum na antas ang pagtatamo sa kalidad ng pagsasanay at ito ay isinasagawa sa maikling termino (short term) na pangangailangan. Pinatunayan ito ng World Bank (2016) na ang pagsasanay sa mga guro sa bansa ay mababa kung ihahambing sa ibang bansa dahil sa apatnapu't dalawang porsiyento (42%) ng badyet lamang ang naibibigay ng Kagawaran ng Edukasyon para sa mga *mass training* sa mga rehiyon at dibisyon at walang impormasyon sa *transparency* ng mga pondo kung sino at saan ito nagamit. Makikita rin na ang karaniwang mga disenyo ng pagsasanay ay nasa dulong na *top-down* kung saan ang proseso ng kaalaman ay ibinabahagi o ipinapasa mula sa eksperto sa paraang lektyur at worksyap na ipinapamahagi sa mga pagsasanay pangguro bilang maikling termino ng kurso.

Kaugnay nito, pinatunayan na mahalaga ang pagsasanay sa Filipino nang ilahad ang resulta ng ulat sa *Assessing basic education service delivery in the Philippines* (2016) ng Kagawaran ng Edukasyon. Halos nasa dalawampu't dalawang porsiyento (22%) ng mga guro sa Filipino ang may kakayahang sagutan ang pagtataya na ibinigay, malayo sa estandard na pitumpu't limang porsiyento (50%). Interpretasyon ng Kagawaran sa resulta na ang mga guro ay hindi málay sa sarili nilang kahinaan at kakulangan. Gayundin ang mga administrador ay mas nakapokus lamang sa mga praktis sa pagtuturo kaysa sa kaalaman sa asignatura pati na rin sa mga ugnayan ng mga domeyn ng teknolohiya, pedagohiya, at nilalaman. Pinatunayan din ito sa kinalalabasan na may 36.71 at 36.45 ng mean percentage score sa 2018 at 2019 Basic Education Exit Assessment sa Senior High School (Albano, 2020) at ng resulta ng PISA na 79 na bansa ang Pilipinas (Paris, 2019). Masasabi na ang pagdebelop ng pagsasanay bilang propesyonal na pag-unlad sa mga guro sa Filipino ay isa sa mahalagang aspeto para sukatin

Pangangailangang pagpapaunlad ng guro sa senior high school ng/sa Filipino tungo sa makabuluhang pasanayan ang tatag ng kurikulum. Ang matatag na mga pagsasanay ayon sa espesipiko sa pangangailangan ng mga gurong magsasanay sa programa ang tutulong sa pagpapaunlad ng edukasyon sa bansa.

2. Metodolohiya

Sa pag-aaral na ito, isang disenyong deskriptibo-debelopmental ang ginamit para maipakita ang ang sistematikong pag-aaral ng pagdidisenyo, pagdebelop, at patataya ng isang programang instruksiyonal, proseso, at produkto na natatamo ang krayterya ng konsistensi at kabisaan nito sa isang pagsasanay (Seels & Richey, 1994). Tiniyak din sa pag-aaral na *a.*) masuri ang mga pangangailangan sa pagsasanay sa Filipino sa Senior High School sa Pambansang Punong Rehiyon ayon sa pananaw na pinagsanib na pag-aaral sa teknolohikal, pedagogikal at nilalamán na kaalaman (Mishra & Koehlr, 2006) at hinggil sa pagtuturo ng wika bilang katatasan, pedagogikal, at performans (Freeman, 2016; Richards 2017) na nagbigay-tuon sa diskurso ng mga guro bilang isang mahalagang salik sa pagdebelop ng pagsasanay sa mga nagtuturo ng wika. Gayundin, *b)* sinuri rin ang iba pang mga pagtanaw sa ginawang pasanayan at kanilang kahingian na dapat mailagay sa isang pasanayan at mga posibleng implikasyon nito sa pagpapaunlad ng mga guro sa Filipino sa Senior High School. Sa proseso ng pag-aaral, isang *purposive sampling* ang ginamit para sa pagtukoy sa aktuwal na pangangailangan ng mga dalubguro na nagtuturo ng/sa Filipino sa Senior High School. Labindalawang (12) dalubguro guro ay namula sa punong distrito ng Maynila (1st District), labing-anim (16) sa Silangang Maynila (2nd District), limang (5) dalubguro Hilagang Maynila (3rd District), at labindalawang (12) dalubguro mula sa Timog Maynila (4th District) ng Pambansang Punong Rehiyon. Sumunod sa prosesong etikal ang pananaliksik sa pamamagitan ng pamamagitan ng paghingi ng pagsang-ayon at liham-endorso ng mga dibisyon.

Gumamit ng tinayang talatanungan na may iskalang 4.00-3.25 o Lubos na mataas na kaalaman at kasanayan; 3.24-2.50 o mataas ang kaalaman at kasanayan; 2.49-1.75 o mababa ang kaalaman at kasanayan; 1.74-1.00 o lubos na mababa ang kaalaman at kasanayan para sa pagkuha ng kabuoang mean at sinuportahan ng tugon mula gabay na tanong para sa interbyu ayon sa kanilang naging karanasan. Gayundin, nagsagawa rin ng interbyu sa mga limang (5) superbisor sa distrito at dalawang (2) supebisor sa rehiyon na may kaugnayan sa Filipino at Pasanayan para sa pagtatagpo ng mga resulta pag-aaral sa pangangailangan sa pagsasanay. Matimtimang nagkaroon ng balidasyon sa nilalaman ng bawat deskriptors at paano ito nagkaroon ng ugnayan sa mga pinagbatayang mga pananaw at simulain. Tiniyak din ang pagsunod sa pagpapanatili ng pagiging kompidensiyal ng mga naging kalahok sa pag-aaral.

3. Resulta at pagtalakay

Mula sa isinagawang pangangalap ay tiniyak at inalisa ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa mga domeyn ng pangangailangan sa pasanayan na isinasagawa sa pambansang rehiyon.

3.1 Pangangailangan ng mga Guro sa Pasanayan

Makikita sa *Talahanayan 1* sa teknolohikal na nangangailangan ng pagsasanay ang sumusunod na deskriptors: (2) Nagagamit ko ang mahahalaga at bagong teknolohiya; (3) Nagagamit ko ang aking teknikal na kasanayan sa paggamit ng kagamitang teknolohikal; (4) Nagagamit ko ang mga *software* ng kompyuter; (5) Nagagamit ko ang mga programa sa kompyuter; (9) Napapraktis ko ang tamang *netiquette* sa paghahatid at paggamit ng mga ibinabahaging materyal sa komunidad na; (10) Natutukoy ko ang mga *educational sites* at portal na akma sa Filipino; (11) Nagiging bahagi ako ng mga *online* na komunidad ng mga eksperto at pagkatuto upang lumawak ang kaalaman sa Filipino; (12) Nagagamit ko ang mga resorses na kaugnay ng listahan ng mga *e-mails* at *online* na dyornal; (13) Natutukoy ko ang mga pangkaligtasang isyu sa pagkuha ng mga *online* na materyal mula sa na may; (14) Nagagamit ko ang mga digital na kagamitan (programa, websayt, at *online* na resorses) sa paglikha at pagdebelop ng mga bagong materyales.

Talahanayan 1

Mga Pangangailangan sa Teknolohikal

| | Deskriptors | MEAN | Interpretasyon |
|-----|--|------|-----------------------------------|
| 1. | Naisasagawa ko ang mga tiyak na troubleshooting at pagpapanatili (maintenance) ng kagamitang panteknolohiya. | 2.91 | MATAAS ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 2. | Nagagamit ko ang mahahalaga at bagong teknolohiya (mga bagong software sa Filipino). | 2.21 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 3. | Nagagamit ko ang aking teknikal na kasanayan sa paggamit ng kagamitang teknolohikal. | 2.35 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 4. | Nagagamit ko ang mga software ng kompyuter (Kahoot, Google Classroom, Edmodo at iba pang katulad) | 2.21 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 5. | Nagagamit ko ang mga programa sa kompyuter. (MS Word, Excel, Power Point, E-mail, Facebook) | 2.42 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 6. | Nagagamit ko sa komunikasyon at pananaliksik ang mga kagamitan tulad ng Internet, E-mail, Messenger. | 2.51 | MATAAS ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 7. | Nagagamit ko ang mga kagamitan (equipments) tulad ng projector, speaker, telebisyon at cellphone sa loob ng klasrum | 2.60 | MATAAS ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 8. | Nagkapagasaave ako ng mga impormasyon gamit ang teknolohiya. (Flashdrive at Cloud) | 2.65 | MATAAS ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 9. | Naipapraktis ang tamang netiquette sa paghahatid at paggamit ng mga ibimbabagang materyal sa komunidad | 2.44 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 10. | Natutukoy ko ang mga educational sites at portal na akma sa Filipino | 2.19 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 11. | Nagiging bahagi ako ng mga online na komunidad ng mga eksperto at pagkatuto upang lumawak ang kaalaman sa Filipino. | 2.23 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 12. | Nagagamit ko ang mga resorses na kaugnay ng listahan ng mga e-mails at online na dyornal. | 2.21 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 13. | Natutukoy ko ang mga pangkaligtasang isyu sa pagkuha ng mga online na materyal mula sa Internet. | 2.49 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 14. | Nagagamit ko ang mga digital na kagamitan (programa, websayt, at online na resorses) sa paglikha at pagdebelop ng mga bagong materyales. | 2.30 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 15. | Naiugnay ko ang hangganan (range) ng midya at interaktibong resorses. | 2.51 | MATAAS ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |

Sa suportang tugon mula sa panayam ng mga guro at superbisor kaugnay sa teknolohikal, lumabas na ang mga kalahok na naghahanap sila ng mga pagpapaigting sa pagpapraktis sa paggamit ng makabagong teknolohiya bilang bahagi ng pagsasanay. Pinapatunayan ito ng tugon na, *“Gumagamit na kami ng mga LCD at TV. Kaso sana malaman naman namin ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya sa nakikita sa online. Medyo hindi updated ako sa paggamit nito eh.”* Inilalarawan nito na hindi na mahalaga sa mga guro ang kaalaman sa pagpapaandar ng mga kagamitan sa anyong hardware kundi ang pokus ng mga kalahok na pagsasanay ay lumilintang na sa kaalaman at kasanayan nila sa mga *software* na umaakma sa pangangailangang tugon sa talahanayan. May magandang pananaw rin ang mga guro sa paggamit ng mga teknolohiya para sa globalisasyon, *“Oo, sapagkat nakasabay sa 21st century at mga pagbabagong teknolohiya upang maging globally competitive kami.... lumilipas din ang panahon at laging may pagbabago.”*

Inilalahad na sa tugon na ito, ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya ay isang hamon sa mga guro na maunawaan at magamit sa bilis ng panahon o sa globalisasyon para paunlarin ang kanilang kaalaman at kasanayan. Masasabi na ang paggamit ng teknolohiya at malikhaing paggamit nito ay isang kalikasan at uri ng pagkatutong nais para sa mga guro ay kailangan ng katamtamang pagbibigay ng tuon. Pinapatunayan din ito ng tugon ng superbisor sa positibong paggamit ng teknolohiya ayon sa obserbasyon sa mga guro, *“Ang mga guro ay computer literate at may malawak sa pagbuo ng ppt, ict at iba pa.”* Nagpapakita na suportado rin ng mga superbisor ang literasi sa teknolohiya ng mga guro sa pagsasanay. Ang tiyak na pagbuo ng mga kagamitan gamit ang teknolohiya ay isa sa mga karaniwang katangian ng mga guro sa ika-21^{ne} siglong kurikulum. Subalit sa kabila ng kanilang kaalaman, isa sa kinakaharap na suliranin ng mga kalahok na *“Makakatulong at makaagapay sa mga mag-aaral at paaralan na hindi sapat ang mga ICT resources.* Inilalarawan nito na sa kabila ng kahandaan panteknolohiya ng mga guro, ang mga kakayahan ng mga institusyon makapagbigay ng angkop na kagamitan sa mga guro ay isang problema. Mahihinuha na kailangang-isaalang-alang ng mga institusyon ang

Pangangailangang pagpapaunlad ng guro sa senior high school ng/sa Filipino tungo sa makabuluhang pasanayan paghahanda ng mga kagamitang panteknolohiya sa bawat paaralan para sa isang epektibong paglalapat ng kaalaman at kasanayang teknolohiya.

Sa kabuoan ng pangangailangang teknolohikal, makikitang ang problemang teknolohikal ay hindi lamang paglinang ng simpleng kasanayang pangguro sa paggamit ng mga kagamitang panteknolohiya partikular sa mga *software* kundi na rin sa isang institusyonal na pagtugon sa kagamitang gagamitin para mas mabatid ng mga guro ang pagpapahalaga at mas mapataas pa ang kanilang kasanayan at kaalaman sa paggamit ng teknolohiya.

Talahanayan 2

Mga Pangangailangan sa Teknolohikal-Pedagohikal

| Deskriptors | Mean | Interpretasyon |
|---|------|-----------------------------------|
| 1. Nagagamit ko ang makabagong mga kagamitang teknolohiya sa pagtuturo at pagkatuto. | 3.02 | MATAAS ANG KAALAMAN AT KASANAYAN |
| 2. Napipili ko ang angkop na teknolohiya para paunlarin ang pagtuturo at kaalaman ng mga mag-aaral. | 2.60 | MATAAS ANG KAALAMAN AT KASANAYAN |
| 3. Napipili ko ang mga makabagong teknolohiya para linangin ang kritikal na kaisipan (critical thinking) ng mga mag-aaral. | 2.43 | MATAAS ANG KAALAMAN AT KASANAYAN |
| 4. Nakapaghahanda ko ang mga materyal sa digital na pagkatuto para paunlarin ang gawain sa pagtuturo-pagkatuto batay sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral. | 2.49 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 5. Nagagamit ko ang mga estratehiya sa pagtuturo sa teknolohiya para suportahan ang pag-iisip at kolaborasyon sa mga gawain ng mga mag-aaral. | 2.49 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 6. Nagsasagawa ako ng flexible learning gamit ang online na komunikasyon. | 2.44 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 7. Nagbibigay ako ng suporta kultura at pag-uugali ng mag-aaral sa digital na paggamit nito. | 2.51 | MATAAS ANG KAALAMAN AT KASANAYAN |
| 8. Nagagamit ko ang mga kasanayan sa development at paggamit ng ICT para sa makalidad, may ugnayan at praktis sa edukasyon. | 2.44 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 9. Nagsasagawa ako ng integrasyon ng ICT sa plano ng pagtuturo (teaching guides) na naghahanda sa mga mag-aaral na iugnay ang nilalaman ng Filipino sa lipunan. | 2.35 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 10. Nagdidisenyo ako ng mga technology-enhanced na aralin para suportahan ang pagkatuto ng mag-aaral. | 2.33 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 11. Naituturo ko ang mga aralin gamit ang angkop na kagamitang digital o aplikasyon. | 2.40 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 12. Natutulungan ko ang mga mag-aaral na magkaroon ng sariling repleksiyon sa paggamit ng teknolohiya. | 2.42 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 13. Nakabubuo ako ng mga teknolohikal na kagamitang instruksiyonal sa pagpapaunlad ng gawaing pagtuturo-pagkatuto. | 2.47 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 14. Napipili ko ang teknolohiya sa pagtuturo na magpapaunlad sa pagkatuto ng mga mag-aaral. | 2.74 | MATAAS ANG KAALAMAN AT KASANAYAN |

Makikita sa *Talahanayan 2* ang teknolohikal-pedagohikal o paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo na nangangailangan ng pagsasanay sa sumusunod: (3) Napipili ko ang mga makabagong teknolohiya para linangin ang kritikal na kaisipan ng mga mag-aaral; (4) Nakapaghahanda ako ng mga materyal sa digital na pagkatuto para paunlarin ang gawain sa pagtuturo-pagkatuto batay sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral; (5) Nagagamit ko ang mga estratehiya sa pagtuturo sa teknolohiya para suportahan ang pag-iisip at kolaborasyon sa mga gawain ng mga mag-aaral; (6) Nagsasagawa ako ng *flexible learning* gamit ang *online* na komunikasyon; (8) Nagagamit ko ang mga kasanayan sa development at paggamit ng ICT para sa makalidad, may ugnayan at praktis sa edukasyon; (9) Nagsasagawa ako ng integrasyon ng ICT sa plano ng pagtuturo na naghahanda sa mga mag-aaral na iugnay ang nilalaman ng Filipino sa lipunan; (10) Nagdidisenyo ako ng mga *technology-enhanced* na aralin para suportahan ang pagkatuto ng mag-aaral; (11) Naituturo ko ang mga aralin gamit ang angkop na kagamitang digital o aplikasyon; (12) Natutulungan ko ang mga mag-aaral na magkaroon ng sariling repleksiyon sa paggamit ng teknolohiya; at (13) Nakabubuo ako ng mga teknolohikal na kagamitang instruksiyonal sa pagpapaunlad ng gawaing pagtuturo-pagkatuto.

Nagkaroon din ng suportang tugon sa domeyn na nangangailangan ng pagsasanay sa teknolohikal-pedagohikal. Lumabas ng kalahok na sa kanilang paniniwala na ang paggamit ng teknolohiya sa

pagtuturo ang isa sa mga makabuluhang tugon ng mga kalahok na dapat maipakita sa Senior High School. Ang mga guro ay positibo ang pagtuturo kung gumagamit ng teknolohiya o kolaborasyon o integrasyon ng ICT bilang pantulong para pukawin ang kaalaman ng mga mag-aaral mula sa tugon, “*Dapat talagang magkaroon ng pagsasanay pangguro tungkol sa iba’t ibang estratehiya gamit ang teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino sa SHS.*” Tinatanaw din itong pang-agapay sa mga kalagayan o katangian ng mag-aaral o kalakaran ng mga pagkatuto ng mga kabataan ayon sa henerasyong ito mula sa tugon na, “*Nararapat pagtuunan ng pansin ang pagtuturo sa panahon ng milenyal na mag-aaral na babad lagi sa kompyuter at pipiliing isang click lang labas na ang kanilang hinahanap.*” Ipinapakita ng mga guro sa loob ng klasrum ang pagiging alam sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo dahil sa pangangailangan ng ika-21^{ng} mag-aaral na mga *digitally natives*. Naglalarawan din ito na mabilis na rin ang pagkuha ng mga impormasyon ng mga mag-aaral na dapat pinaghahandaan din ng mga guro sa kanilang pagtuturo.

Dahil sa paglitaw ng mga saloobing ito, ang teknolohikal-pedagohikal ay may kailangan pa rin maisama sa isang pasanayan. Ang pagbibigay ng interbensiyon sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ay isang tugon para matugunan ang pananaw ng Kagawaran ng Edukasyon sa makabagong pagtuturo sa ika-21^{ng} siglong pamantayan. Mabibigyang kahulugan ito na pumapanig ang mga tugon sa isinasaad na pangangailangan na ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo at pagkatuto, at pagdebelop ng magandang nilalaman sa Filipino ay magbubunsod ng isang matagumpay na pasanayan para sa mga guro (Day & Conklin, 1992). Nagtataglay rin ng kritikal na pag-iisip, inobatibo, at matiyaga sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ang guro sa pagdadala ng pagkatuto sa mga mag-aaral. Inilalahad na ang magandang pagtuturo gamit ang teknolohiya para sa ika-21^{ng} siglong pagtuturo ang magdadala sa mga mag-aaral sa tiyak na konteksto ng disiplina alinsunod sa pagpapalago ng mga kasanayang pangwika at kritikal na pag-iisip, gayundin ang pasusubaybay sa pagbabago ng teknolohikal na aspekto sa kasalukuyan para sa maitawid nito ang kompleksidad ng akademikong kompetensi ng kurikulum. Ipinapakita nito na ang teknolohiya at pagtuturo ay may mataas na pangangailangan sa isang propesyonal na pag-unlad na dapat ay na-aadres bilang komplikado, may maraming mukha ng pagkatuto, at nakabatay sa sitwasyon.

Matutunghayan sa *Talahanayan 3* ang nilalaman o lalim sa konsepto ng mga guro na kailangan na maisama sa pasanayan: (1) May sapat akong masteri sa asignatura sa itinuturo; (2) Nagkakaroon ako ng napapanahong kaalaman sa asignatura; (3): Napapahalagahan ko ang relasyon ng mga asignaturang komunikasyon, pagbasa at piling larang sa pagpapaunlad ng kaalaman sa Filipino at iba pang disiplina; (5) Nauunawaan ko ang mga pinagbabatayang pananaw at teoryang pangwika at kultura sa asignaturang Filipino; (6) Nagagamit ko ang sapat na kaalaman tungkol sa pananaliksik sa kulturang Filipino; (7) Nauunawaan ko ang kalikasan, katangian, at gamit ng wikang Filipino sa mga sitwasyong komunikatibo at kultural tungo sa pananaliksik; (9) Múlat ako sa mga pagbabagong nagaganap sa asignatura ko pagdating sa nilalaman at gamit ng wika, kultura, at pananaliksik; (10) Nagagamit ko ang kaalaman sa mga teorya at pananaw sa pagbasa at pagsusuri ng teksto; (11) Nagagamit ko ang kaalaman sa pagsasaliksik ng mga bagong kaalaman para sa pananaliksik sa Filipino; (12) Nauunawaan ko ang proseso ng pagbasa at pagsusuri ng iba’t ibang anyo at uri ng teksto na nakatutulong sa pagbuo at pagsulat ng sistematikong pananaliksik; (13) Múlat ako sa mga pagbabagong nagaganap sa asignatura pagdating sa kaalaman sa pagbasa, pagsulat at pananaliksik; (14) Nauunawaan ko ang anyo at pananaw sa iba’t ibang sulating akademiko; (15) Nauunawaan ko ang mga teknikalidad ng pagsulat iba’t ibang ng teksto sa piling larangan.

Sumusuporta mula sa talahanayan ang ang saloobin na kailangan na ang mga paksang-aralin sa mungkahing pasanayan ay dapat napapanahon sa kasalukuyang pangangailangan sa kurikulum at mga kalakaran sa bansa sa tugon na, “*Mga makabagong kaalaman para mas maging mayaman ang content (sa pagtuturo ng Filipino),*” at “*madagdagan ang imbak na kaalaman,*” sa bilang 1 at 2. Nakalap din sa kanilang mga sagot na ang pangunahing dapat bigyang pokus sa pagpapalalim ng nilalaman ang mga paksa sa pananaliksik sa Filipino mula sa tugon, “*Pagtuunan ang pagpapayabong sa kaalaman hinggil sa paksang pananaliksik lalo at walang iskema o dating kaalaman ang mga mag -aaral sa paksang ito na hindi saklaw ng mga asignaturang Filipino mula baitang 7-10.*” Nagbibigay-kahulugan ito na sa kurikulum ng Senior High School, hindi natutugunan ang

Pangangailangang pagpapaunlad ng guro sa senior high school ng/sa Filipino tungo sa makabuluhang pasanayan

bahaging pananaliksik na isang malaking puwang sa kurikulum. Sinundan din ng paglinang sa kaalaman ng malikhaing pagsulat, kontekstuwalisasyon at lokalisasyon at mga paksang pangwika na tumutugon din sa pangangailangan sa bilang 5, 6, 9, 11, 14,15.

Talahanayan 3

Mga Pangangailangan ng mga Guro sa Nilalaman

| Deskriptors | Mean | Interpretasyon |
|---|------|-----------------------------------|
| 1. May sapat akong masteri sa asignatura sa itinuturo | 2.37 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 2. Nagkak aroon ko ang napapanahong kaalaman sa asignatura | 2.49 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 3. Napapahalagahan ko ang relasyon ng mga asignaturang komunikasyon, pagbasa at piling larang sa pagpapaunlad ng kaalaman sa Filipino at iba pang disiplina. | 2.42 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 4. Nauunawaan ko ang mga konsepto o kaalaman tungkol sa komunikasyon at kulturang Pilipino. | 2.51 | MATAAS ANG KAALAMAN AT KASANAYAN |
| 5. Nauunawaan ko ang mga pinaghabatayang pananaw at teoryang pangwika at kultura sa asignaturang Filipino. | 2.28 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 6. Nagagamit ko ang sapat na kaalaman tungkol sa pananaliksik sa kulturang Filipino. | 2.21 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 7. Nauunawaan ko ang kalikasan, katangian, at gamit ng Wikang Filipino sa mga sitwasyong komunikatibo at kultural tungo sa pananaliksik. | 2.26 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 8. Nauunawaan ko ang mga konsepto, elementong kultural, kasaysayan, at gamit ng wika sa lipunang Filipino. | 2.53 | MATAAS ANG KAALAMAN AT KASANAYAN |
| 9. Mulat ako sa mga pagbabagong nagaganap sa asignatura ko pagdating sa nilalaman at gamit ng wika, kultura, at pananaliksik. | 2.23 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 10. Nagagamit ko ang kaalaman sa mga teorya at pananaw sa pagbasa at pagsusuri ng teksto. | 2.28 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 11. Nagagamit ko ang kaalaman sa pagsasaliksik ng mga bagong kaalaman para sa pananaliksik sa Filipino. | 2.26 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 12. Nauunawaan ko ang proseso ng pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang anyo at uri ng teksto na nakatutulong sa pagbuo at pagsulat ng sistematikong pananaliksik. | 2.33 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 13. Mulat ako sa mga pagbabagong nagaganap sa asignatura pagdating sa kaalaman sa pagbasa, pagsulat at pananaliksik. | 2.30 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 14. Nauunawaan ko ang anyo at pananaw sa iba't ibang sulating akademiko. | 2.33 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 15. Nauunawaan ko ang mga teknikalidad ng pagsulat ng teksto iba't ibang sa piling larangan. | 2.16 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 16. Nauunawaan ko ang gamit ng sulatin ang kakayahang magpahayag tungo sa mabisa, mapanuri, at masinop na pagsusulat sa piniling larangan. | 2.67 | MATAAS ANG KAALAMAN AT KASANAYAN |

Maliwanag na sa kabila ng mga pagsasanay na isinasagawa ang bawat dibisyon at rehiyon, may mataas na pangangailangan pa rin na dapat linangin at tingnan ang *alignment* ng konsepto ng mga paksa sa asignatura sa kurikulum. Isinasaad din na ang pag-unawa sa kaalaman ay nagbubunsod ng maayos at maliwanag na representasyon ng asignatura sa mga mag-aaral sa Senior High School.

Sa Talahanayan 4 ng pedagogikal-nilalaman o paggamit ng kaalaman sa pagtuturo ng Filipino, makikita na nangangailangan ng pagsasanay sa: (1) Napipili ko ang epektibong dulog sa pagtuturo na lumilina sa kritikal na pag-iisip at pagkatuto sa paksang-aralin; (2) Nagagamit ko ang mga kaalaman sa Filipino at nalalapatan ito ng angkop na estratehiya sa pagtuturo; (4) Naipapakita ko ang kaalaman sa nilalaman sa Filipino at aplikasyon nito sa iba't ibang bahagi ng pagtuturo ng kurikulum; (5) Nailalapat ko ang angkop na pagtataya (assessment) at fidebak sa Filipino; (6) Nagsasagawa ako ng mga pananaliksik sa Filipino para sa pagpapaunlad ng pagtuturo; (7)

Nagdidisenyo ako ng mga sesyon, modyul o gawain na angkop sa pangangailangan ng mag-aaral sa Filipino; (8) Nagagamit ko ang kaalaman sa paksa sa paglinang ng ika-21ng siglong kasanayan ng mga mag-aaral.

Talahanayan 4

Mga Pangangailangan ng mga Guro sa Pedagogikal-Nilalaman

| Deskriptors | Kabuoang Mean ng Kaalaman at Kasanayan | Interpretasyon |
|---|--|-----------------------------------|
| 1. Napipili ko ang epektibong dulog sa pagtuturo na lumilina sa kritikal na pag-iisip at pagkatuto sa paksang-aralin. | 2.35 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 2. Nagagamit ko ang mga kaalaman sa Filipino at nalalapitan ito ng angkop na estratehiya sa pagtuturo. | 2.37 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 3. Naiaangkop ko ang inobatibong kurikulum, pagtuturo planong dulog at resorses sa dibersidad ng mga mag-aaral. | 2.53 | MATAAS ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 4. Naipapakita ko ang kaalaman sa nilalaman sa Filipino at aplikasyon nito sa iba't ibang bahagi ng pagtuturo ng kurikulum. | 2.49 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 5. Nailalapat ko ang angkop na pagtataya (assessment) at fidbak sa Filipino. | 2.37 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 6. Nagsasagawa ako ng mga pananaliksik sa Filipino para sa pagpapaunlad ng pagtuturo. | 2.23 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 7. Nagdidisenyo ako ng mga sesyon, modyul o gawain na angkop sa pangangailangan ng mag-aaral sa Filipino. | 2.26 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 8. Nagagamit ko ang kaalaman sa paksa sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan ng mga mag-aaral. | 2.40 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 9. Nagagamit ko ang varayti ng mga dulog at estratehiya sa pagpapaunlad ng pagtuturo at pagkatuto. | 2.63 | MATAAS ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |

Isa sa pinakatampok sa binibigyang-halaga sa kanilang pagsasanay ay ang ugnayan nilalaman at pagtuturo ng Filipino. Inilalarawan sa mga tugon na ang magkaroon ng pag-aapdeyt sa mga pagtuturo ng mga kaalaman kaugnay sa pedagogiyang akma rito, *“Mas malalim na training sa pedagogy o pagtuturo ng sangkap ng Filipino, estratehiya sa pagpapagting ng mas malalim na kaalaman na guro,”* na nagpapakita na may iskema o dating kaalaman na ang mga gurong magsasanay subalit mapapagting pa ito kung magkakaroon ng pag-aakma ng mga estratehiya o dulog sa pagtuturo. Mataas din ang pangangailangan nito sa pasanayan dahil ang pag-alam sa kung ano ang mga dulog na akma sa nilalaman at elemento ng mga nilalaman ay may malaking gampanin sa sistema ng maayos na pagtuturo. Pinatutunayan din ito sa tugon na nagnanais din nila na mapayabong ang mga nilalaman sa angkop na estratehiya o dulog sa pagtuturo sa Filipino mula sa sinabing, *“Magbigay pa ng mga kongkretong halimbawa sa epektibong estratehiya sa sa pagpapadaloy ng nilalalaman sa bawat aralin,” sapat sa patunay sa deskriptors ng pedagogikal-nilalaman sa 1, 2, 4, at 8.* Pangunahing inilalahad sa mungkahing pasanayan ang pagtuturo ng pananaliksik sa tugon, *“Maaaring bigyan focus ang kasanayan ng mga guro pagdating sa malalim na pagtuturo ng pananaliksik.”* Nagsasaad ito na ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagtuturo at pagsulat ng pananaliksik sa Senior High School ay mas napapaunlad pa para sa mas epektibong pagkatuto sa mga mag-aaral dahil na rin sa paniniwalang ang kurikulum sa nagdaang baitang ay hindi tumutugon sa pananaliksik mula sa resulta ng descriptor bilang 6. Sinusuportahan din ito ng paglalahad sa DepEd Order 42 s 2017 na dapat ay deelopmental na nailalapat ang akma at makahulugang pedagogiya na salig sa kaalamang pangnilalaman at kasalukuyang pananaliksik.

Ipinapakita rin ng isa pang saloobin na mahalaga ang pagsasaalang-alang ng mga kahandaan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng paksa alinsunod sa paraan ng pagtuturo ng nilalaman na ito, *“Aktuwal na pagtuturo. Paano maeenhance ang nilalaman ng curriculum batay sa kahandaan ng mag-aaral.”* Inilalarawan nito na ang pagbabalik sa mga sikolohikal at sosyolohikal na mga batayang pagkatuto ay dapat makita sa paglinang sa nilalaman sa mga pagtuturo ng Filipino na tumutugon sa deskriptor bilang 4 at 8. Sumususog rin ito sa pananaw ni Freeman (2016) na mahalaga na makita ng mga guro ang *lawas ng kaalaman* tungkol sa pagtuturo ng sabjek o asignaturang natutuhan mula sa sa gradwadong kurso, interes, bakgrawnd sa pagtuturo na pinagmumulan ng pangangailangan sa pasanayan para sa mga guro.

Pangangailangang pagpapaunlad ng guro sa senior high school ng/sa Filipino tungo sa makabuluhang pasanayan

Sa isang tugon, lumabas din sa kalahok ang pagsusulit o *assessment*. Isinaad niya sa kaniyang tugon na, “*Test construction. Kalimitan sa field observation, hindi nagjijive ang kanilang evaluation sa kanilang objective,*” na nagsasaad ng kahinaan pa ng mga magsasanay sa paggawa at pagbuo ng mga ebalwasyong pang-mag-aaral sa loob ng klasrum na akma sa deskriptor bilang 5. Binibigyang diin sa DO 42 s 2017 na kailangang mailapat ang iba’t ibang kagamitang pagtataya at estratehiya sa pagmomonitor, pag-eebalweyt, at pagdodokument at pagrereport ng pangangailangan ng mag-aaral, pag-unlad, at natamo. Ginagamitan ng datos sa pagtataya sa isang varayti ng paraan para malaman at mapaunlad ang mga proseso at pagkatutong pagtuturo at pagkatuto. Nagbibigay rin ang mga mag-aaral ng inaasahang fidbak tungkol sa kinalabasan ng pagkatuto nila na magbibigay impormasyon at magdadala sa guro para pumili, mag-organisa at gumamit ng nararapat na prosesong pagtataya.

Tumugon din ang mga kalahok tungkol sa *pagdebelop ng mga sesyon o kagamitang panturo*. Isa sa mga isyu na tinalakay ang makikita sa tugon, “...*kasangkapan at kagamitan na wala sa klasrum.*” Inilalahad sa kasangkapan at kagamitan sa pahayag na ito ang tungkol sa pagdebelop ng mga modyul na pangunahing isyu ng mga guro sa pagsisimula ng pagtuturo mula sa implementasyon na sinuportahan ng tugon, “*Pagbuo ng modyul na magagamit ng teachers sa pagtuturo kasi hanggang ngayon wala pa ring gamit na matino ang DepEd.*” Interpretasyon ng tugon na ito na ang mga kagamitang ibinigay ng ahensiya ay hindi sapat tugunan ang pangangailangan ng kasalukuyang pagtuturo na pinatunayan sa pag-aaral nina Robosa, Paras, Perante, Alvez, at Tus (2021), na nagdadala ito ng kahirapan o limitasyon sa pagkilos ng mga mag-aaral at guro sa pagsaagawa ng mga gawain pangklase. Dinagdagan ito ng isa pang pang tugon na, “*Maaari din magbigay ng mga modules na angkop sa asignaturang itinuturo.*” Makikita rin na sa kabila ng kakulangan ng ahensiya, positibo pa rin ang mga kalahok na ang pasanayan ang magiging daan sa pagpuno ng pangangailangang pangklasrum na pinatunayan sa deskriptor bilang 7 mula sa tugong, “*Magkaroon ng workshop sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino.*” Sumusuporta ang pananaw rito nina Wiggins at McTighe (2006), sa pagtanaw sa kagamitan na ito ay dapat akma sa pagtatamo ng tunguhin, at kabisaan ng pangkalahatang disenyo.

Talahanayan 5

Mga Pangangailangan ng mga Guro sa Pedagogikal

| Deskriptors | Mean | Interpretasyon |
|--|-------------|------------------------------------|
| 1. Natutukoy ko ang mga angkop na kaalamang dulog, metodo o estratehiya sa Filipino: | 2.67 | MATAAS ANG KAALAMAN AT KASANA YAN |
| 2. Nililinaang ko sa aking pagtuturo ang ika-21 ^{ng} siglong kasanayan ng mga mag-aaral. | 2.58 | MATAAS ANG KAALAMAN AT KASANA YAN |
| 3. Naiiangkop ko ang estilo ng pagtuturo ng Filipino sa kakayahan ng mga mag-aaral. | 2.44 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANA YAN |
| 4. Nagagamit ko ang iba’t ibang dulog/lapit sa pagtuturo. | 2.35 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANA YAN |
| 5. Nagagamit ko ang mga estilo/metodo ng pagtuturo sa Filipino sa mga aralin. | 2.33 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANA YAN |
| 6. Napapanatili ko ang pamanahala sa oras ng klase sa Filipino. | 2.56 | MATAAS ANG KAALAMAN AT KASANA YAN |
| 7. Napipili ko ang epektibong dulog sa pagtuturo na gagabay sa kaisipan at pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino. | 2.77 | MATAAS ANG KAALAMAN AT KASANA YAN |
| 8. May sapat akong kaalaman na ituro ang asignaturang Filipino. | 3.19 | MATAAS ANG KAALAMAN AT KASANA YAN |
| 9. Kaya kong gamitin ang mga estratehiya kasama ang nilalaman at teknolohiya sa pagtuturo ng aralin. | 2.60 | MATAAS ANG KAALAMAN AT KASANA YAN |
| 10. Nakapagbibigay ako ng akmaang pagtataya sa pagtuturo ng aralin ng mga mag-aaral. | 2.35 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANA YAN |

Makikita sa Talahanayan 5 ang pedagogikal o mga estratehiya o metodo ng/sa Filipino na nangangailangan ng pagsasanay: (3) Naiaangkop ko ang estilo ng pagtuturo ng Filipino sa kakayahan ng mga mag-aaral; (4) Nagagamit ko ang iba't ibang dulog/lapit sa pagtuturo; (5) Nagagamit ko ang mga estilo/metodo ng pagtuturo sa Filipino sa mga aralin; (10) Nakapagbibigay ako ng akmang pagtataya sa pagtuturo ng aralin ng mga mag-aaral.

Ipinahayag din sa saloobin tungkol pedagogikal o estratehiya o metodo ng pagtuturo ng/sa Filipino. Isa sa temang lumulutang sa mga kalahok ang pananaw ang makabagong pedagogiya ng/sa Filipino sa Senior High School mula sa tugon, "*Sapagkat ang pagtuturo ay isang sangay na kung saan kailangan ng mga pagsasanay at mga estratehiya upang maging isang epektibong guro na nagtuturo sa Senior High School.*" Sinusugan din ito na kailangan na ang pagsasanay na dapat mabuo ay nakaangkla sa kasanayang pedagogikal ng mga guro na inilahad din sa tugon, "*Kailangang palakasin o sanayin pa talaga ang kanilang kasanayan sa iba't ibang teknik at estratehiya sa pagtuturo.*" Mahinuha sa mga tugon na ang mga guro sa Filipino sa Senior High School ay hindi pa sapat ang kaalaman sa pedagogiya dahil sa bagong pangangailangan ng mga mag-aaral sa Senior High School na nagpapakita ng *gap* sa kurikulum ng Junior High School. Pinatutunayan ito ng tugon na, "*patuloy na mabilis na pagbabago sa pangangailangan ng mga mag-aaral na hindi matukoy ang hangganan nito,*" na nagsasaad ang kalahok na kailangang makaagapay sa kasalukuyang kalakaran ng pagtuturo na pumapatnubay rin sa inihayag ni Salandanan (2009), na nakapaloob ang mga bago at napatunayang epektibong pagtuturong metodolohiya ang pinakamahalaga sa pangunahing pangangailangan para sa maayos na kapaligiran ng pagkaturo alinsunod sa deskriptors bilang 3, 4, 5.

Naglalarawan din ang tugon ng mga kalahok tungkol sa prinsipyo at teorya ng mga pagsusulit, "*Kailangang magkaroon ng pagsasanay sa pagtataya (assessment) at mga uri nito at halimbawa.*" Ipinapakita nito na ang mga guro sa Filipino ay kailangan muli ng pagrerebyu ng mga prinsipyo sa pagbuo ng pagtataya. Isa sa mga dahilan na inilatag ng mga superbisor na ang mga guro ay nagkakaroon ng suliranin sa pagbuo ng pagsusulit na binibigyang diin din sa pagtataya sa klasrum sa pedagogikal-nilalaman. Makikita na angkop ang paglinang sa programang pagsasanay sa pagtataya sa deskriptors bilang 10. Pinatutunayan ang pedagogikal na may katamtamang lebel ng kaalaman at pag-unawa sa pedagogikal ang mga guro (Morcilla, 2015). Masasabi na kaya hindi na binibigyang-tuon ang eksklusibong pagsasanay lamang sa pedagogiya dahil mas pinipili ng mga guro at superbisor na maiugnay ito sa nilalamang itinuturo sa loob ng klasrum.

Makikita sa Talahanayan 6 ang diskorsal o estratehiyang komunikasyon na nangangailangan ng pagsasanay: (2) Nagagamit ko nang mabisa ang gamit ng wika sa mga talakayan sa klase; (11) Naipapakita ang kaisahan (kohirens) sa pagsasalita sa loob ng klasrum; (12) Nagagamit ko nang maayos ang mga panandang diskurso sa pagtalakay sa pagtuturo ng Filipino; at (13) May kakayahan ako sa paggamit ng mga estratehiyang pangwika sa pagtuturo ng komunikasyon. Mula sa lumabas na resulta, inilarawan din mula sa kanilang tugon na kinakailangan pa rin nilang masanay sa diskorsal lalong lalo na sa paggamit nito sa pagtuturo para sa tamang kohirens at estratehiyang pangwika na makikita sa tugon, "*Ginagamit naman namin ang wika sa klase kaso kailangan pa naming maging aware sa paggamit nito kung tama o mali ba...*" Nangangailangan ng repleksiyon at gumagamit ng isang metakognitibong pamamaraan ang mga guro para sukatin ang kanilang pagsasalita bilang guro ng Filipino sa Senior High School. Pinapatunayan din ito na ang ng abilidad na mapanatili ang komunikasyon sa Filipino na may katatasan, katumpakan at komprehensibo, sa lawak na paggamit ng guro sa Filipino bilang midyum ng instruksyon sa mga Filipino ay may puwang sa pagpapaunlad ng pagsasanay pangguro (Freeman, 2016). Samakatuwid, ang kasanayang pandiskurso o paggamit ng estratehiyang pangwika sa pagtuturo ng paksa ay kailangang eksplisit o háyag na ituro o naipapakita sa pagsasanay pangguro para matamo ang ganap na komunikasyon sa Senior High School.

Talahanayan Blg. 6

Mga Pangangailangan ng mga Guro sa Diskorsal

| Deskriptors | Mean | Interpretasyon |
|--|------|---|
| 1. Alam ko ang tamang gamit ng wikang Filipino sa nilalaman ng disiplinang Filipino. | 3.12 | MATAAS ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 2. Nagagamit ko nang mabisa ang gamit ng wika sa mga talakayan sa klase. | 2.19 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 3. Naisasagawa ko ang mga pamantayan sa pagsasalita tulad ng haba ng pagsasalita, panahon na dapat magsalita o makinig, pagbibigay ng pagkakataon sa iba, pagpasok sa kombersasyon sa klasrum. | 2.60 | MATAAS ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 4. Nagagamit ko ang aknang wika sa mga estratehiya para suportahan ang pag-iisip at kolaborasyon ng mga mag-aaral. | 2.60 | MATAAS ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 5. Napapanatili ko ang interes ng mga tagapakinig sa paksa ng kombersasyon o pagsasalita sa pagtuturo. | 2.51 | MATAAS ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 6. Nagagamit ko ang target na wika bilang midyum ng instruksyon o pagtuturo at pagtalakay ng paksa o nilalaman. | 2.53 | MATAAS ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 7. Nabibigyang-halaga ko sa pagtalakay ang kombersasyonal na diskurso tungkol sa mga paksa tulad ng kasarian, istatus, edad, at kultural na kalamngian. | 2.56 | MATAAS ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 8. Nakapagbibigay ako ng maayos na panuto o direksiyon sa klase. | 2.53 | MATAAS ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 9. Naipapaliwanag ko nang maayos ang mga konsepto sa paksang-aralin gamit ang teknolohiya. | 2.56 | MATAAS ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 10. Nagagamit ko ang aknang diskurso o rehistro ng wika sa pagtalakay ng paksa sa Filipino. | 2.70 | MATAAS ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 11. Naipapakita ang kohisyon o kohirens sa pagsasalita o pagtalakay sa loob ng klasrum. | 2.26 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 12. Nagagamit ko nang maayos ang mga panandang diskurso sa pagtalakay sa pagtuturo ng Filipino. | 2.23 | MABABA ANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |
| 13. May kakayahang ako sa paggamit ng mga estratehiyang pangwika sa pagtuturo ng asignatura | 1.53 | LUBOS NA MABABAANG KAAALAMAN AT KASANAYAN |

3.2 *Mga Pagtanaw ng mga Guro at Superbisor sa Kalikasang Pasanayan*

Mga Pagsasanay ng Kagawaran ng Edukasyon - Nagsawa rin sa pag-aaral na ito ng paghahango mga dating pasanayan na ibinigay ng Kagawaran ng Edukasyon sa pambansa hanggang pandibisyon. Sa kabuoang tugon na lumabas sa mga kalahok na ay nakatulong ang mga nakaraang pagsasanay pangguro. Positibo rin ang pananaw ng isang kalahok, “*Oo, dahil hindi naman lahat ay naituturo sa mga paaralan kaya mainam din ang mga pagsasanay batay sa karanasan.*” Naglalarawan ang ang tugon na nakatulong ang pagsasanay na ibinigay ng Kagawaran ng Edukasyon dahil ito ay nailapat sa klasrum. Nais niya ng pagpapaigting ng mga pagsasanay na magmumula sa danas bilang guro. Sa pamamagitan ng bagong pagsasanay, ang naging karanasan ng mga guro sa Senior High School ang paghahanguan ng bagong pagsasanay para sa makabuluhang paglalapit ng kaalaman at kasanayan. Ang pagsasanay na tumutugon sa pagtuturo sa Senior High School lalong-lalo na ang ibang mga guro ay nagmula sa elementarya, sekondarya, at tersarya. Ipinapakita rin ng mga tugon na ito na kinakailangan na ang mga pagsasanay ay pinatutunayan mula sa kanilang karanasang pampagtuturo, sumasapat sa pananaw ng pagkatuto gamit ang karanasan at dulong andragohikal. Ang pananaw ng mga kalahok sa pasanayan ay maiuugnay sa pag-aaral ni ni Kolb (1984) na kung saan mahalaga sa isang pasanayan na nakabubuo ng mga repleksiyon ang mga guro o *adult* mula sa kanilang kongkretong karanasan. Ang mga kalahok sa isang pasanayan ay bumubuo ng mga konsepto mula sa bagong sitwasyon kaugnay sa ginagawa para maiuugnay ang isang bisà ng pasanayan para sa pagdebelop muli ng maraming gawí o kilos para pagtugon sa pangangailangan at tunguhin ng pagtuturo sa anumang sitwasyon o panahon.

Sumususog din ang pagsasanay na ibinigay ng institusyon sa pagtugon sa internasyonalisasyon mula sa tugon na, “*Oo, sapagkat nakasabay sa 21st century at mga pagbabagong teknolohiya upang maging globally*

competitive.” Naglalarawan ang tugon na ito ang pasanayan na isinasagawa ay may alignment din sa programa ng K-12 sa bansa. Ipinapahayag din sa pananaw na ito na ang pagkakaroon ng isang pagsasanay ay tugon upang makamit ang tunguhing pangkurikulum sa Filipino gayundin ang pag-agapay sa ika-21^{ng} siglong kasanayan na hindi lamang magmumula sa mag-aaral bagkus kasama na rin ang mga gurong nagtuturo. May bigat ang pananaw ito dahil magiging gabay ito na ang pagsasanay pangguro na mabubuo sa pag-aaral ay pagpapaunlad sa kasalukuyang propesyonal na pag-unlad sa mga guro na pinatutunayan din ng isinasaad ng DepEd Order 42 s 2017 na dapat naipapakita ng isang guro ang kahalagahan nito bilang isang mahusay na guro sa makalidad na pagtuturo at nagpapaunlad ng kakayahang mag-aral. Sinusugan din ito ng pananaw ng ika-21^{ng} siglo na napapahalagahan din ang personal at propesyonal na pag-unlad at napapanatili ang kalidad sa pagtuturo tulad ng may mahalagang atityud, respeto, at integridad na inaasahan naipapakita sa pasanayan. Mabibigyang interpretasyon din ang resulta na mataas ang kanilang persepsiyon sa nararamdamang pangangailangan kung saan hindi na kailangan pang paunlarin ang kanilang persepsyon sa mga pagsasanay. May tiyak na desisyon ang mga kalahok na positibo ang kanilang pananaw sa pagsasanay na lumilintang ito ng kaalaman, kasanayan, atityud, at kakanyahan para sa pagtugon ng kanilang pangngailangan at tunguhin sa pagtuturo sa loob ng klasrum.

Kasapatan ng Pagsasanay - Sa kabila ng pananaw sa ibinigay na pagsasanay ng Kagawaran ng Edukasyon, may mga lumutang na tugon tungkol sa tanong na naging sapat ba ang pagsasanay para sa paglinang ng mga kaalaman at kasanayan. Marami sa kalahok ang nagsasabi sa tugon na hindi pa sapat ang pagsasanay tulad ng tugon, “*Hindi pa sapat kahit masuwerte ako na napabilang ako sa 18 araw na pagsasanay para sa pagtuturo ng Filipino sa Senior High, subalit lumilipas na rin ang panahon, alam ko taon-taon may pagbabago,*” Tinatanaw ng mga kalahok ang pagdaragdag at pagpapalalim ng mga kaalaman at kasanayan. Sa madaling salita, kailangan ng mga guro sa SHS ay *seminar, training* pa upang maging eksperto lalo ang mga guro sa Senior High School sa kanilang itinuturong asignatura, at nakapokus ang pagsasanay sa mismong itinuturo na mga paksa para mas tumataas pa lalo ang performans ng mga mag-aaral at maihanda ang mga SHS students sa mga kasanayang naghihintay sa kanila pagdating ng kolehiyo. Samakatuwid, naghahanap pa ng iba pang pang pagsasanay pangguro ang mga kalahok na kung saan nakapokus sa makabagong kahingian sa pagtuturo. Ang pagiging mulang sa napapanahong *nilalaman, kaalaman at kalakaran sa pagtuturo* ang binibigyang-halaga pa rin ng mga kalahok dahil ito ang nararamdaman nilang pangangailangan ng mga mag-aaral sa panahong ito. Ipinapakita na ang pagbibigay ng pagsasanay pangguro sa Filipino ay nangangailangan ng mas *makabagong bihis o rekaliibrasyon* na hindi tulad sa nakaraan pang pagsasanay na natamo ng mga kalahok. Kinakailangan ng mga pasanayan na tumutugon sa paghahanda ng mga mag-aaral at guro sa patuloy na pagbabago ng kurikulum sa bansa.

Lumalabas pa rin na suliranin sa mga pasanayan ang pagtugon sa kagamitan ng mga guro sa pagtuturo na kung saan na mula 2016 na nagsimula ang Senior High School hanggang sa kasalukuyan ay nakakaranas pa rin ang mga guro sa kakulangan ng kagamitan mula sa tugon, “*May kakulangan pa sa ilang pagsasanay upang matugunan ang kaalaman at kasanayan sa pagtuturo sapagkat kulang ang mga kagamitan na tutugon sa pagsasanay sa mga guro.*” Implikasyon ang mga pangangailangang ito ng patuloy na pagbabago ng edukasyonal na pagtanaw (educational landscape) na laging nagbabago mula sa lumang kadawyan (old normal) hanggang sa transisyon ng bagong kadawyan (new normal). Pinapatunayan ito na dapat matugunan para sa isang pangmatagalang pagkatuto at makalidad na pagtuturo, gayundin sa pag-aaral nina Husting, Intili at Kissam (2008), hinggil sa kakulangan sa pagsasanay at materyales na isa sa pangunahing suliranin ng mga guro na dapat ay matugunan sa pasanayan.

4. Kongklusyon at rekomendasyon

Napatunayan sa pag-aaral na ito may malaking implikasyon ito sa pagbuo ng malinaw na tunguhin ng isang pasanayan. Isa sa dapat bigyan tuon sa pasanayan na maipakita ang háyag na paglinang sa kasanayang pangguro mula sa kanilang pangangailangan at karanasan sa bawat domeyn mula sa paggamit ng mga kagamitang panteknolohiya, paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo, pagsipat sa akma at napapanahong estratehiyang akma sa pagbabago ng panahon at pag-uugnay sa paksa, pagpapalalim sa nilalaman, paggamit ng epektibong diskurso sa pagtuturo. Dapat ding matugunan ng mga paaralan, rehiyon, at bansa ang pagpapahalaga sa mga nararanasan ng

Pangangailangang pagpapaunlad ng guro sa senior high school ng/sa Filipino tungo sa makabuluhang pasanayan mga guro pagdating sa paggamit ng teknolohiya sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na resorses o kagamitan para sa isang mabisang pedagohiya.

Sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino, nangangailangan ng interbensiyon sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo para matugunan ang pananaw ng Kagawaran ng Edukasyon ika-21^{ng} siglong pagtuturo. Sa panahong nagbabago ang edukasyonal na pagtanaw, inaasahan nagtataglay ang pasanayan ng kritikal na pag-iisip, inobatibo, at matiyaga sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ang mga guro para sa kabisaan ng kaalaman patungo sa mag-aaral. Ang pangangailangan din ng alignment ng mga paksa sa asignatura sa kurikulum ay inaasahang ginagawang modelo sa mga pasanayan dahil ito ay nagbubunsod ng maayos at malinaw na representasyon ng subjek na Filipino sa Senior High School.

Isa rin sa umuusbong na pangangailangan ang pagtataya o assessment. Ang pagpapaigting ng angkop na pagtataya ayon sa kasalukuyang kurikulum ay makakatulong sa paghubog ng proseso ng pagtuturo-pagkatuto. Gayundin ang paglinang ng mga modyul mulâ sa implementasyon ng programa sa Senior High School ay isa pa rin sa dapat matutukan sa mga pasanayan hanggang sa kasalukuyan. Hindi na ngayon lamang tinanaw sa pasanayan ang eksklusibong paglinang ng pedagohiya kundi dapat ito ay iniuugnay sa nilalamang itinuturo sa loob ng klasrum at teknolohiyang gamit na nagbibigay ng miskonsepsyon sa mga guro. Mahalagang mabalikan din sa pasanayan ang katatasan, katumpakan, at pagiging komprehensibo ng paggamit ng komunikasyon sa instruksyon sa Filipino. Maipapakita ito kung eksplisit o hayag itong nagagamit bilang estratehiyang pangwika o diskurso. Binibigyang punto na kailangang malinang sa pagsasanay ang mga paksang malalim sa kaalaman sa pananaliksik, estrukturang pangnilalaman, alignment sa mga paksa sa kurikulum at kontektuwalisasyon na sinusuportahan din ng isinasaad Batas Republika 10533 (seksiyon 10.2; 10.3). Kaugnay na rin dito ang pagtugon sa mga umusbong na pangangailangan sa pagdebelop ng kagamitang panturo at pagdebelop ng pagtataya sa ilalim ng programang K-12.

Malaking hámon sa mga pasanayan para sa guro sa Filipino na maipakita o masagot ang mga pangangailangan ng mga guro. Mula sa kinalabasan ng pag-aaral tungkol sa pasanayan, ang pagbubuo ng isang detalyadong programang pasanayan ay tumitiyak dapat sa pagsipat sa pagpaunlad sa kakayahan, kasanayan, kahalagahan, at kakanyahan (4K) ng mga guro. Ang magiging tugón sa pasanayan ay isang interbensiyon at rekaliibrasyon sa patuloy na pagbabago ng kahingiang edukasyonal sa pambansa at pandaigdigang tunggalian. Pinatunayan ito nina Ancho at Arrieta (2021), na ang mga guro ay naniniwala na ang pagtuturo at pagkatuto ay patuloy na nadedebelop, dapat na napapanahon at tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral bilang tugon sa kasalukuyang panahon at isyu sa edukasyon. Iminumungkahi sa pasanayan na magsagawa pa ng patuloy na pagtitiyak sa pangangailangan mulang elementarya hanggang Senior High School School gamit ang mga domeyn, at isama ang pinagsanib na teknolohikal-pedagohikal-nilalaman-diskorsal at tumatanaw sa isang tanaw-isip (foresight thinking) mula sa kasalukuyang úso sa pangangailangan ng mga guro sa iba't ibang larangan o disiplina.

5. Talasanggunian

- Albano, E. (2020, Nobyembre 26) Senior high students score lowest in national assessment mula sa history <https://www.manilatimes.net/2020/11/26/campus-press/senior-high-students-score-lowest-in-national-assessment-history/801503/>
- Ancho, I. V., & Arrieta, G. S. (2021). Filipino teacher professional development in the new normal. *Educ. Self Dev*, 16, 25-43.
- Day, R. R., & Conklin, G. (1992, March). The knowledge base in ESL/EFL teacher education. *TESOL Conference, Vancouver, Canada* (pp. 3-8).
- Department of Education Rappler [http://asean.org/?static_post=asean-vision-2020_\(2016, Hulyo\) Assessing Basic Education Service Delivery in the Philippines: Public Education Expenditure Tracking and Quantitative Service Delivery Study](http://asean.org/?static_post=asean-vision-2020_(2016, Hulyo) Assessing Basic Education Service Delivery in the Philippines: Public Education Expenditure Tracking and Quantitative Service Delivery Study). World Bank.
- DepEd Memorandum no 075 s 2018 Institution-based summer training program for secondary school teachers,

- Kagawaran ng Edukasyon-Pambansang Punong Rehiyon.*
- DepEd Order no 35 s 2016, The k to 12 basic education program school based continuing professional development strategy for the improvement of teaching and learning. *Kagawaran ng Edukasyon.*
- DepEd Order no 50 s 2020, DepEd professional development priorities for teachers and school leaders for school year 2020-2023. *Kagawaran ng Edukasyon.*
- DepEd RM 46 s 2018 Mass Training of Senior High School (SHS) Teachers for Academic and Technical-Vocational-Livelihood (TVL) Track. *Kagawaran ng Edukasyon-Punong Rehiyon.*
- DepEd RM no 02 s 2018 Mass training of Senior High School (SHS) teachers for academic and technical-vocational-livelihood (TVL) track, *Kagawaran ng Edukasyon-Pambansang Punong Rehiyon.*
- Freeman D (2016) *Educating second language teachers.* Oxford University Press.
- Husting, Intili, at Kissam (2008), Teacher training in afghanistan: intersection of need and reality. *Convergence*, 41(2-3), 27-30.
- Kolb, D (1984). *Experiential learning.* Prentice-Hall.
- Mga tuntunin at mga regulasyong pampatupad ng batas sa pinabuting batayang edukasyon ng 2013. *Official Gazette, Office of Malacanan.* <http://www.gov.ph/2013/09/04/mga-tuntunin-at-mga-regulasyong-pampatupad-ng-batas-sa-pinabuting-batayang-edukasyon-ng-2013/> (4 Agosto, 2016) *A discussion paper on the enhanced K-12 basic education program.*
- Mishra P., & Koehler M., (2006). Technological pedagogical content knowledge: A framework for teacher knowledge. *Teacher College Record*, 108, 1017-1054.
- Morcilla, M. (2015) *Towards the development of a pedagogical based training design for public secondary school teachers in a city schools division.* Di-limbag na Dissertasyon. Philippine Normal University-Manila.
- Richards, J (2017) Teaching english through english: proficiency, pedagogy and performance. *RELC, Singapore.*
- Richey, R. C. (1994). *Developmental Research: The Definition and Scope.*
- Robosa, J., Paras, N., Perante, L., Alvez, T., & Tus, J. (2021). The experiences and challenges faced of the public school teachers amidst the COVID-19 pandemic: A phenomenological study in the Philippines. *International Journal of Advance Research and Innovative Ideas in Education*, 7(1), 10-6084.
- Salandanan, G. G. (2009). *Teacher education.* Goodwill Trading Co., Inc.
- Wiggins, G.& McTighe, J. (2006). *Understanding by design.* Association for Supervision and Curriculum.